**Para sa mga magulang/tagapang、laga**

# Impormasyon Tungkol sa Suportang Pinansiyal ( School Assistance ) sa Paaralan (School Year 2026)
# 令和８年度 就学援助制度のお知らせ

Ang Toyohashi city ay nagbibigay ng suportang pinansiyal sa mga nakatugon sa pamantayan ng sertipikasyon para sa bahagi ng bayarin sa school lunch, school supplies, atbp. ng estudyanteng nag-aaral sa pampublikong elementary at junior high school.

**1. Mga taong maaaring makinabang sa sistema**

Mga magulang/tagapangalaga ng mga sumusunod na mag-aaral/estudyante na nakatugon sa mga pamantayang itinakda ng lungsod (tingnan ang likod para sa mga detalye):

・Mag-aaral/estudyanteng kasalukuyang naka-enroll o nakatakdang mag-enroll sa Toyohashi city elementary and junior high schools.

・Mag-aaral/estudyanteng may rehistradong residente sa Toyohashi city at kasalukuyang naka-enroll o mag-e-enroll sa pambansang elementarya/junior high school o sa isang Aichi Prefectural junior high school.

※Kung tumatanggap ng livelihood assistance (seikatsu hogo), hindi kailangang isagawa ang prosesong ito.

**2. Araw, oras at lugar ng pag-apply.**

(1)Petsa at Oras ：**March 2 (Monday) – March 8 (Sunday) 2026 9:00 AM - 5:00 PM**

**※March 7 (Saturday) / March 8 (Sunday) 2026 9:00 AM - 12:00 PM**

| Mga araw na may interpreter | |
|---|---|
| 2、3日 | 9:00AM～5:00PM |
| 4～6日 | 1:00PM～5:00PM |
| 7、8日 | 9:00AM～12:00PM |

(2) Ｌｕｇａｒ：**Toyohashi City Hall**, **Auditorium** ( East bldg. 13th Floor )

※Ang applications pagkatapos ng nakasaad na period sa itaas ay tatanggapin sa Toyohashi City Hall School Education Division (Toyohashi City Hall East Building, 11th floor)

**※Pakitandaan na ang applications na ipinasa simula May 1 ay kakalkulahin on a monthly basis.**

**3. Mga kailangan sa pag-a-apply**

・Bankbook ng magulang

**※Simula sa 2026, ang financial support ay ipapadala lamang sa bank account na nasa pangalan ng magulang.**

※Sa ilang mga kaso, kailangan ng karagdagang dokumentong nagpapatunay sa income at katayuan ng sambahayan. (Tingnan ang likod para sa mga detalye).

**4. Mga Nilalaman ng suporta**

**( Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang mga nilalaman ng tulong para sa taong 2025 at maaaring magbago.)**

| **Sakop ng Suporta** | Baitang | Panahon ng Pagbigay | Remarks |
|---|---|---|---|
| School supplies fee atbp. | Lahat ng baitang | Katapusan ng July, October, January, February | Magbibigay ng takdang halaga para sa bawat grade level .(※1) |
| Gastusin para sa pag-enroll (Junior High School) | Grade 6 | Katapusan ng February | Ibibigay ang takdang halaga para sa mga tumatanggap ng school assistance hanggang January 31, 2027 at mag-e-enroll sa Junior High School sa Toyohashi Municipal.<br>(Kabilang ang mga pambansa at prefectural junior high school) |
| School supplies fee (Sa bagong enroll) | Elementary Grade 1 /Junior High 1st yr.(※2) | Katapusan ng May | Makakatanggap kapag naaprubahan ng April. |
| Gastos sa graduation school trip | Elementary Grade 6 / Junior High 3rd yr. | Trip mula April hangang July:<br>Ibibigay sa katapusan ng August.<br>Trip mula August hangang October:<br>Ibibigay sa katapusan ng November.<br>Trip mula November hanggang March:<br>Ibibigay kapag natapos ang trip. | Ang aktwal na gastos ay babayaran sa tumatanggap ng school assistance sa oras ng school trip. (※3) |
| Medical expenses (※4) | Lahat ng baitang (※5) | Katapusan ng September, January, March, April | Bibigyan ng medical coupon kapag nag-apply |
| School Lunch | Lahat ng baitang | — | Bibigyan ng School lunch (Babayaran ng munisipyo) |
| Bayad sa "School Life Management Guidance Form"(※6) | Lahat ng baitang | Katapusan ng July, October, January, April | Ibabalik ang aktwal na gastos hanggang sa limitasyon ayon sa pag- apply |

※1：Kung ang sertipikasyon (pagkansela) ay ipagkakaloob sa kalagitnaan ng taon, ang allowance ay ibibigay on a monthly basis.

※2：Ang mga tumanggap ng tulong para sa pag-enroll sa Sch. yr. 2025 (Elementary・Junior High School) ay hindi na muling makakatanggap ng school supplies fee.

※3：Hindi sinasaklaw ang buong gastos ng graduation school trip.

※4：Magagamit sa pagpapagamot ng sirang ngipin (cavity), conjunctivitis, otitis media, chronic sinusitis at iba pa.

※5：Ang medical subsidy program ay inuunang gamitin para sa mga elementarya at sa mga junior high school.

※6：Ibabalik ang halaga na binayad sa pagpapasulat ng “School Life Management Guidance Form” 「Gakkō seikatsu kanri shidō-hyō」.

**5. Kondisyon para makatangap nito** (Alinman sa nakalagay sa ibaba）

| Saklaw | Supporting Document |
|---|---|
| Para sa mga natapos o nasuspinde ang livelihood allowance (SEIKATSU HOGO) simula April 1, 2025. | Notification letter ng pagkansela/ pagwawakas ng allowance. |
| Kapag ang halaga ng kita ng magulang at iba pang miyembro ng pamilya na nagtatrabaho ay mas mababa sa halaga na itinakda sa ibaba. | **Hindi kailangan**<br>Gayunpaman, ang income certificate ng lahat ng miyembro ng pamilya ay kinakailangan sa mga sumusunod na kaso:<br>**【Nag-apply mula March. 2 ～ June 1, 2026】**<br>Hindi nakarehistro bilang residente ng Toyohashi city hanggang January 1, 2025.→**Income certificate ng taong 2025**<br>**“ Reiwa 7 NENDO SHOTOKU SHŌMEISHO ”**<br>**【Nag-apply mula June 2, 2026】**<br>Hindi nakarehistro bilang residente ng Toyohashi city hanggang January 1, 2026→Income certificate ng taong 2026<br>**“ Reiwa 8 NENDO SHOTOKU SHŌMEISHO ”** |

(1) Ang pamantayan sa pagtanggap ng tulong ay dapat na mas mababa o katumbas ng halaga na nakasulat sa ibaba ang kita ng magulang at iba pang miyembro ng pamilya ( kabuuang kita ng lahat na nakarehistro sa isang household) na nagtatrabaho. Isama ang halaga ng kita ng magulang na nakatira sa ibang lugar.

(2) Ang desisyon ng approval ng April ～ June ng 2026 ( aplikasyon hanggang June 1 ) ay base sa 2024 income at para sa approval ng July 2026 (aplikasyon hanggang June 2 ) ay base sa 2025 income.

(3) Dahil ang sertipikasyon ay sinusuri kada buwan, bagaman aprubado, maaari itong kanselahin sa kalagitnaan ng taon depende sa sitwasyon ng kita (kita sa naaangkop na taon, atbp.).

(4) Kung nawalan ng trabaho dahil sa hindi maiiwasang mga pangyayari o nakakaranas ng iba pang mga kahirapan sa pananalapi, mangyaring makipag-ugnayan nang hiwalay.

**【Pamantayan ng Net Income na Itinakda upang Makatangap ng Suporta】**

**→Halaga pagkatapos ng deduction sa suweldo sa Withholding Tax Slip “Gensen Chōshūhyō, atbp.**

| Household member | 2 katao | 3 katao | 4 katao | 5 katao | 6 katao |
|---|---|---|---|---|---|
| Net Income | ￥2,254,000 | ￥2,773,000 | ￥3,334,000 | ￥3,741,000 | ￥4,278,000 |

※Kung higit sa 6 na tao ang miyembro ng pamilya ay dagdagan ng￥470,000 kada tao

☆Mangyaring tingnan ang website ng National Tax Agency para sa impormasyon kung paano kalkulahin ang kita.
(https:www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/taxanswer/shotoku/1410.htm)

**【Para sa mga Katanungan 】**

〇Tungkol sa School assistance ⇒School Education Division (☎ 0532 -- 51－2825) / City Hall East bldg. 11th floor

〇Tungkol sa school lunch, medical expenses at “School Life Guidance & Management” 「Gakkō seikatsu kanri shidō-hyō」 form expenses. ⇒Health and School Meal Division (☎ 0532 -- 51－2835) / City Hall 1 East bldg. 11th floor

------------------------------------------ Gupitin ------------------------------------------

※Para sa nais mag-apply ng School Assistance, matapos bilugan “〇” ang kaukulang numero, mangyaring isulat ang mga kinakailangang impormasyon at ipasa sa tanggapan sa mismong araw ng pag-a-apply.

1. **Tumatanggap ako ng school assistance sa kasalukuyan** 現在、就学援助を受給している。
   - Bagong baitang(学年) ____ sa susunod na school year, School(学校)：__________Elem.(小)/Jr. High(中) School ,Name(氏名)：____________________
   - Bagong baitang(学年) ____ sa susunod na school year, School(学校)：__________Elem.(小)/Jr. High(中) School Name(氏名)：____________________
   - Bagong baitang(学年) ____ sa susunod na school year, School(学校)：__________Elem.(小)/Jr. High(中) School Name(氏名)：____________________

＊Mangyaring sulatan din kung **magiging Grade 1** palang ang inyong anak na kasalukuyang hindi pa tumatanggap ng mga benepisyo .

2. **Hindi ako tumatanggap ng school assistance sa kasalukuyan.** 現在、就学援助は受給していません。
   Ilang estudyante (Elementary at Jr. High school) ang i-a-apply? ____ estudyante